ANG IYONG INTRODUKSYON SA

# [Pr]NIVESTYM®
## (iniksyong filgrastim)



# Pagsisimula sa aking paggamot gamit ang NIVESTYM

Maaaring maging hamon ang pagsisimula ng bagong gamutan. Dinisenyo ang brosyur na ito para sagutin ang mga tanong mo at tulungan kang lubusang makinabang sa iyong paggamot.

Tiyaking basahin ang brochure na ito para malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa NIVESTYM, at tandaang itabi ito sa madaling makita para matulungan kang mas maunawaan ang paggamot. Mahalaga ring maging tapat sa team na nangangalaga sa kalusugan mo tungkol sa kalagayan mo sa paggamot. Kausapin sila kapag mayroon kang mga tanong o ikinababahala tungkol sa plano ng paggamot mo.

# Para saan ginagamit ang NIVESTYM?

Ginagamit ang NIVESTYM para gamutin ang neutropenia, isang kondisyon kung saan masyadong kakaunti ang ginagawa ng katawan na isang uri ng puting selula ng dugo na mahalaga sa paglaban nito sa mga impeksyon—na tinatawag na *neutrophil* (nu-tro-fil).

Ang neutropenia ay maaaring isang matagalang kondisyon kung saan hindi sapat ang nagagawa ng iyong katawan na mga neutrophil, o puwedeng dulot ito ng mga gamot para sa kanser.

# Paano gumagana ang NIVESTYM?

Ang NIVESTYM ay hindi isang chemotherapy, pero, minsan, puwede itong gamitin kasama ng chemotherapy. Isa itong gawa ng tao na anyo ng granulocyte colony-stimulating factor (G-CSF), isang protinang likas na ginagawa ng katawan. Artipisyal ito na gawa mula sa isang uri ng *E. coli* bacteria at gumagana sa pamamagitan ng pagtulong sa iyong katawan na gumawa ng mas maraming neutrophil, na isang uri ng puting selula ng dugo na mahalaga sa paglaban ng katawan sa impeksyon.

Para matiyak na gumagana ang NIVESTYM, hihilingin ng iyong doktor na regular kang magpasuri ng dugo para bilangin ang dami ng iyong neutrophil. Mahalagang sundin mo ang mga tagubilin ng iyong doktor tungkol sa mga pagpapasuri na ito.

# Anong mga format ang makukuha para sa NIVESTYM?

**Mga prefilled syringe (600 mcg/mL):**



- 300 mcg/0.5 mL sa isang pangminsanang gamit na graduated prefilled syringe na may BD Ultrasafe Plus™ Passive Needle Guard
- 480 mcg/0.8 mL sa isang pangminsanang gamit na graduated prefilled syringe na may BD Ultrasafe Plus™ Passive Needle Guard

Ang syringe plunger stopper at takip ng karayom ay hindi gawa sa natural na gomang latex

**Mga vial (300 mcg/mL):**



- 300 mcg/1 mL sa isang pangminsanang gamit na vial
- 480 mcg/1.6 mL sa isang pangminsanang gamit na vial

Ang vial stopper ay hindi gawa sa natural na gomang latex

# Paano ko matatanggap ang NIVESTYM?

Ang NIVESTYM ay nilayon para sa pagturok sa ilalim ng balat o paggamit sa pamamagitan ng ugat at hindi dapat ibigay sa pamamagitan ng iba pang paraan ng pagbibigay. Maaaring magdesisyon ang iyong healthcare provider kung puwedeng ikaw o ang iyong caregiver ang magbigay ng mga turok sa ilalim ng balat sa bahay.

Kung ibibigay ang NIVESTYM sa bahay, tingnan ang detalyadong "Mga Tagubilin sa Paggamit" sa pahina 10–16 para sa impormasyon tungkol sa kung paano ihahanda at ituturok ang isang dosis ng NIVESTYM.

Hindi ka dapat magturok ng isang dosis ng NIVESTYM na mas mababa sa 0.3 mL (180 mcg) mula sa isang prefilled syringe ng NIVESTYM. Hindi tumpak na masusukat ang dosis na wala pang 0.3 mL gamit ang prefilled syringe ng NIVESTYM.

Sasabihin sa iyo ng iyong healthcare provider kung gaano karaming NIVESTYM ang ituturok at kung kailan magtuturok nito. Huwag babaguhin ang iyong dosis o ihihinto ang NIVESTYM maliban kung sasabihin ng heathcare provider mo.

Kung tumatanggap ka ng NIVESTYM habang nagke-chemotherapy, dapat iturok ang iyong dosis ng NIVESTYM nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang o 24 na oras pagkatapos makatanggap ng dosis ng chemotherapy.

Kung makaligtaan mo ang isang dosis ng NIVESTYM, makipag-usap sa iyong healthcare provider sa lalong madaling panahon tungkol sa kung kailan magtuturok ng susunod na dosis.

Kung sa palagay mo ay masyadong maraming NIVESTYM ang natanggap mo, makipag-ugnayan agad sa iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, emergency department ng ospital, o pagkontrol ng lason ng rehiyon. Naaangkop ito kahit hindi ka nakakaranas ng anumang sintomas.

## Paano ko ituturok ang NIVESTYM sa aking sarili?

Dapat ipakita ng iyong healthcare provider sa iyo at sa iyong tagapag-alaga kung paano ihahanda at ituturok ang NIVESTYM bago mo ito gamitin.

Tingnan ang detalyadong "Mga Tagubilin sa Paggamit" sa pahina 10–16 para sa impormasyon tungkol sa kung paano ihahanda at ituturok ang isang dosis ng NIVESTYM.

# Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

## Ano ang dapat kong malaman bago ko gamitin ang NIVESTYM?

Huwag gamitin ang NIVESTYM kung allergic (hypersensitive) ka sa filgrastim o anupamang sangkap na laman ng produkto, o sa iba pang gamot na ginawa gamit ang bacteria na *E. coli*. Tanungin ang iyong doktor kung hindi ka sigurado.

Bago ka gumamit ng NIVESTYM, sabihin sa iyong healthcare provider ang tungkol sa lahat ng medikal na kondisyon mo, pati na kung ikaw ay:

- may kumikirot sa kaliwang bahagi ng tiyan o sa dulo ng iyong balikat
- may osteoporosis (pagkawala ng calcium sa mga buto, na nauuwi sa paghina at pagrupok ng mga buto)
- mayroong anupamang karamdaman, lalo na ng anumang impeksyon
- nakakaranas pag-ubo, lagnat, at hirap sa paghinga
- may sickle cell trait o sickle cell disease (isang namamanang karamdaman sa dugo na nakakaapekto sa mga pulang selula ng dugo). Sa mga pasyenteng may sickle cell trait o sickle cell disease, may naiugnay nang malalang krisis sa sickle cell sa paggamit ng NIVESTYM, na nagreresulta sa kamatayan sa ilang kaso
- gumagamit o gumamit kamakailan lang ng anupamang gamot, pati na ang mga gamot na nakuha ng walang reseta
- buntis o nagpaplanong magbuntis. Hindi alam kung makakasama ang NIVESTYM sa hindi pa naisisilang mong sanggol
- nagpapasuso o planong magpasuso. Kung gagamit ka ng NIVESTYM habang buntis ka, posibleng may kaunting mapunta sa dugo ng iyong sanggol. Hindi alam kung may mapupuntang NIVESTYM sa gatas ng iyong suso

Sabihin sa iyong healthcare provider ang tungkol sa lahat ng gamot, vitamin, supplement, at alternatibong gamot na ginagamit mo.

# Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

## Ano ang mga posibleng side effect ng NIVESTYM?

Puwedeng magdulot ang NIVESTYM ng mga side effect, kasama ang:

- **Pagputok ng lapay (spleen).** Posibleng lumaki at pumutok ang iyong lapay habang gumagamit ng NIVESTYM. Puwedeng mauwi sa kamatayan ang pagputok ng lapay. Ang lapay ay matatagpuan sa itaas na kaliwang bahagi ng tiyan. Tawagan agad ang iyong doktor kung makadama ka ng kirot sa itaas na kaliwang bahagi ng tiyan o dulong bahagi ng kaliwang balikat. Posibleng mangahulugan ito na lumaki o pumutok ang iyong lapay.
- **Malulubhang allergic na reaksyon.** Puwedeng magdulot ang NIVESTYM ng malulubhang allergic na reaksyon. Maaaring magdulot ang mga reaksyong ito ng pantal sa buo mong katawan, pangangapos ng hininga, humuhuning paghinga (wheezing), pagkahilo, pamamaga sa paligid ng iyong bibig o mga mata, mabilis na tibok ng puso, at pamamawis. Kung mayroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito, ihinto ang paggamit ng NIVESTYM at kaagad na tawagan ang iyong doktor o humingi ng emergency na pangangalaga. Kung ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng allergic na reaksyon sa panahon ng pagtuturok ng NIVESTYM, ihinto kaagad ang pagturok nito.
- **Isang malalang problema sa baga na tinatawag na acute respiratory distress syndrome (ARDS).** Tawagan ang iyong healthcare provider o humingi kaagad ng emergency na medikal na tulong kung nakakaranas ka ng pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga, o mabilis na paghinga.
- **Krisis sa sickle cell.** Kaagad na tumawag sa iyong doktor o humingi ng emergency na pangangalaga kung nakakaranas ka ng matinding pananakit ng mga buto, dibdib, tiyan, o mga kasukasuan.
- **Pinsala sa kidney (glomerulonephritis).** Kaagad na tumawag sa iyong healthcare provider kung makaranas ka ng pamamanas ng mukha o mga bukong-bukong, dugo sa ihi o kulay brown na ihi, o kung mapansin mong mas madalang kang umiihi kaysa sa karaniwan.

Ang pinakakaraniwang side effect na puwede mong maranasan ay pananakit ng buto, kasukasuan, at/o ng kalamnan. Madalas na mapapahupa ang kirot na ito sa pamamagitan ng pag-inom ng walang acetylsalicylic acid (walang aspirin) na pain reliever gaya ng acetaminophen.

Ang iba pang pangkaraniwang side effect ay maaaring lubhang pagkahapo, pananakit ng ulo, pagkawala ng ganang kumain, pagtatae, pag-ubo, masakit na lalamunan, pagtaas ng antas ng mga enzyme ng atay, at pagbaba ng dami ng mga platelet (selulang sangkot sa pamumuo ng dugo), na nagpapataas ng panganib ng pagdurugo o pagkakaroon ng pasa.

Nakakaranas ang ilang tao ng bukol, pamumula, pamamaga, pagkakaroon ng pasa, o pangangati ng pinagturukan. Maaaring isa itong allergy sa mga sangkap na nasa NIVESTYM o puwede rin itong reaksyon sa espesipikong bahagi. Kung may mapansin kang anumang sintomas ng reaksyon sa espesipikong bahagi, tawagan ang iyong doktor. **Kung may mangyaring anumang malubhang allergic na reaksyon anumang oras, agad na tumawag sa isang healthcare provider o sa mga pang-emergency na serbisyo (halimbawa, tumawag sa 911).**

Makipag-usap sa iyong doktor kung may maranasan kang hindi pangkaraniwang pagdurugo o pagkakaroon ng pasa habang gumagamit ng NIVESTYM kasunod ng chemotherapy dahil maaari itong mangahulugan ng bumabang dami ng platelet, na nagpapahina sa kakayahan ng dugo na mamuo.

Hindi lang ang mga ito ang lahat ng posibleng side effect ng NIVESTYM. Tumawag sa iyong healthcare provider para sa medikal na payo tungkol sa mga side effect.



# Paano ko mababawasan ang panganib na magkaroon ako ng impeksyon?

Ang neutropenia ay isang kondisyon na nagbibigay sa iyo ng mas mataas na panganib sa pagkakaroon ng impeksyon. Kaya, habang gumagamit ng NIVESTYM, sikaping iwasan ang magkaroon ng mga impeksyon sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod:

1. Pagsasagawa ng mabuting personal na kalinisan

- **Madalas na hugasan ang iyong mga kamay**, lalo na bago ka kumain at pagkatapos mong gumamit ng banyo
- **Magdala ng hand sanitizer** (maliit na bote) para i-disinfect ang iyong mga kamay
- **Mag-shower ng maligamgam na tubig** (hindi mainit) araw-araw (nang hindi matuyo ang iyong balat)
- **Gumamit ng malambot na sipilyo** para linisin ang iyong mga ngipin at iwasang mairita ang iyong mga gilagid

2. Protektahan ang iyong balat

- **Gumamit ng mga moisturizing lotion** kung maging tuyo o magbitak-bitak ang iyong balat
- **Magsuot ng gomang gwantes** kapag naghuhugas ng plato, naglilinis, o nagtatrabaho sa hardin
- **Huwag pisain o kutkutin ang mga tagihawat**
- **Gumamit ng electric shaver** imbes na razor para maiwasang masugatan ang iyong balat
- **Iwasang mapaso** kapag nagpaplantsa o nagluluto
- **Linisin agad ang anumang hiwa o galos** gamit ang maligamgam na tubig at sabon

3. Subukang manatiling malusog sa kabuuan

- **Magpahinga nang sapat**
- **Kumain ng balanseng diyeta**
- **Uminom ng sapat na likido**
- **Mag-ehersisyo** nang madalas hangga't kaya mo
- **Lumayo sa mga taong may sipon**, trangkaso, o isang nakakahawang sakit
- **Umiwas sa mataong lugar**, gaya sa mga shopping mall o sa mga bus
- **Iwasan ang pagkain ng mga hindi lutong itlog, hilaw o kulang sa luto na karne, manok, isda, at lamang-dagat**
- **Alisin ang mga halaman sa loob ng bahay**–puwedeng pagmulan ng mga germ ang mga buhay na halaman
- **Iwasang maglinis ng mga kahon ng dumi ng pusa** o mga hawla ng ibon

## Tukuyin at iulat ang mga impeksyon

Tandaang iulat ang anumang sintomas ng impeksyon sa iyong doktor o team na nag-aalaga sa iyong kalusugan.

Kasama sa mga pinakakaraniwang palatandaan at sintomas ng impeksyon ang:

- lagnat at mga pangangaligkig
- pamamantal, pamamaga, at pamumula
- pamamaga ng bibig, o pamumula o pamamaltos ng bibig
- masakit na lalamunan
- malubhang ubo o pangangapos ng hininga
- makirot o mahapding pag-ihi, o mabahong ihi
- pagtatae
- pagtutubig, nana, pamumula, pamamaga o pananakit ng hiwa, sugat, o pagtistis

*Huwag gumamit ng anumang gamot para sa lagnat nang hindi muna nagtatanong sa team na nag-aalaga sa iyong kalusugan.*

## Mga Kapaki-pakinabang na Madudulugan sa Web

www.cancer.ca (Canadian Cancer Society)

www.cancer.org (American Cancer Society)

www.standuptocancer.ca

# Mga tagubilin sa paggamit

## Para sa pangminsanang gamit na graduated prefilled syringe

**1) Paghahanda**

- Maghanap ng malinis, maliwanag, patag na gagamiting surface.
- Ipunin ang iyong mga supply:
  - 1 bagong NIVESTYM na prefilled syringe (kasama sa kahon)
  - 1 dumidikit na benda (hindi kasama)
  - 1 pamahid na may alcohol (hindi kasama)
  - 1 binilot na bulak o gasa (hindi kasama)
  - Isang lalagyan ng itatapong matutulis na bagay (hindi kasama)
- Hugasan ang iyong kamay gamit ang sabon at tubig

**2) Paghahanda ng prefilled syringe**

- Kunin sa refrigerator ang kahon na pinaglalagyan ng NIVESTYM at iwan ito sa gagamiting surface sa loob ng 30 minuto.
  - **Huwag alugin ang prefilled syringe at huwag itong ilalagay sa lugar na direktang nasisinagan ng araw.**
- Alisin ang prefilled syringe sa kahon at tingnan:
  - kung nakatakip ang needle guard sa barrel ng syringe
  - ang petsa ng pag-expire sa prefilled syringe ng NIVESTYM
  - ang gamot at prefilled syringe para siguraduhing malinaw at walang kulay ang gamot

**3) Pagpili at paglilinis ng pagtuturukan**

- Pumili ng pagtuturukan:
  - Harap ng mga hita
  - Sa tiyan, maliban sa **2 pulgada** na bahagi sa paligid ng pusod
  - Sa itaas na labas na bahagi braso, kung isang caregiver ang nagtuturok sa iyo
  - Sa itaas na labas na mga bahagi ng pige, kung isang caregiver ang nagtuturok sa iyo
- Pumili ng ibang pagtuturukan sa bawat pagturok ng NIVESTYM.
- X **Huwag** iturok sa bahaging namamaga, mapula, may pasa, o matigas. Iwasang iturok sa mga bahaging may peklat o stretch mark
- Linisin ang pagtuturukan gamit ang pampahid na may alcohol. Hayaang matuyo.
- X Huwag hihipuing muli ang pagtuturukan bago ang pagturok.



**Huwag gamitin ang prefilled syringe ng NIVESTYM kung:**

- namumuti o nag-iba ng kulay ang gamot, o kung may mga lumulutang na bagay o partikula
- may bitak o basag ang anumang bahagi ng prefilled syringe
- nahulog ang prefilled syringe
- nawawala ang takip ng karayom o hindi maayos na nakakabit
- lampas na ang petsa ng pag-expire na nakalagay sa label

Tingnan ang detalyadong "Mga Tagubilin sa Paggamit" sa pahina 49–68 ng Consumer Information leaflet para sa impormasyon tungkol sa kung paano ihahanda at ituturok ang isang dosis ng NIVESTYM.

**4) Iturok ang iyong dosis ng NIVESTYM**

- Hawakan ang prefilled syringe sa needle guard habang nakaturo sa itaas ang takip ng karayom. Maingat na alisin ang takip ng karayom palayo sa iyong katawan.
  Itapon ang takip ng karayom.
  - Kung hindi kumpletong dosis ang naireseta sa iyo, ituro pataas ang karayom at marahang tapikin hanggang sa lumutang ang hangin, at saka unti-unting itulak pataas ang plunger rod para palabasin ang ekstrang hangin at gamot hanggang sa tumapat ang dulo ng conical base (gilid) ng plunger stopper sa marka sa syringe na palatandaan ng iniresetang dosis.
  - Ingatang hindi ma-activate ang needle guard bago ang paggamit. **Huwag gumamit ng prefilled syringe ng NIVESTYM na na-activate na.**




Halimbawa ng isang dosis na 0.3 mL. Puwedeng iba ang iyong dosis sa halimbawang ipinakita rito.

- X Huwag ibalik ang takip ng karayom.

- Gamit ang isang kamay, marahang pisilin ang isang tupi ng balat sa pagtuturukan. Huwag aalisin ang pagkakapisil.



- Gamit ang isa pang kamay, hawakan ang prefilled syringe na parang humahawak ng isang lapis. Mabilis na iturok ang karayom na parang tumitira ng dart sa balat nang 45 hanggang 90 degree na anggulo.



# Mga tagubilin sa paggamit

- Sa mabagal at pantay-pantay na pagdiin, itulak ang plunger rod hanggang sa dulo. Hayaang lubusang nakalubog ang plunger rod habang pinapanatili ang syringe sa pagkakaturok sa loob ng 5 segundo.



- Hayaang lubusang nakalubog ang plunger rod habang maingat mong hinuhugot ang karayom mula sa pinagturukan.



- Habang binibitawan ang plunger, awtomatikong magsi-slide ang needle guard sa karayom hanggang sa lubusang natatakpan ang karayom at mag-lock ang needle guard sa puwesto nito. **Huwag ibalik ang takip ng karayom.**



---

5) Pagtatapos

- Maaaring may kaunting dugo sa pinagturukan. Puwede mong diinan ang pinagturukan ng isang binilot na bulak o gasa at diinan ito sa loob nang 10 segundo.
- X **Huwag** kukuskusin ang pinagturukan. Puwede mong takpan ang pinagturukan gamit ang isang maliit na benda, kung kailangan.
- Itapon ang syringe.
  - Agad na ilagay ang ginamit mong prefilled syringe sa lalagyan ng itatapong matutulis na bagay pagkatapos ng paggamit. **Huwag itapon ang mga syringe** sa inyong basurahan sa bahay.
  - **Palaging itabi ang lalagyan ng itatapong matutulis na bagay sa lugar na hindi maaabot ng mga bata.**

Tingnan ang detalyadong “Mga Tagubilin sa Paggamit” sa pahina 49–68 ng Consumer Information leaflet para sa impormasyon tungkol sa kung paano itatapon ang prefilled syringe.



# Mga tagubilin sa paggamit

## Para sa pangminsanang gamit na vial

**1) Paghahanda**

- Maghanap ng malinis, maliwanag, patag na gagamiting surface.
- Ipunin ang iyong mga supply:
  - 1 bagong pangminsanang gamit na vial ng NIVESTYM (kasama sa kahon)
  - 1 disposable na syringe at karayom (hindi kasama)
    - Gamitin lang ang mga disposable na syringe at karayom na inireseta ng iyong healthcare provider
  - 1 dumidikit na benda (hindi kasama)
  - 2 pamahid na may alcohol (hindi kasama)
  - 1 binilot na bulak o gasa (hindi kasama)
  - Isang lalagyan ng itatapong matutulis na bagay (hindi kasama)
- Hugasan ang iyong kamay gamit ang sabon at tubig

**2) Paghahanda sa vial**

- Kunin sa refrigerator ang kahon na pinaglalagyan ng NIVESTYM at iwan ito sa gagamiting surface sa loob ng 30 minuto.
  - X **Huwag** subukang painitin ang vial sa pamamagitan ng pampainit gaya ng mainit na tubig o microwave.
  - X **Huwag alugin ang vial at huwag itong ilalagay sa lugar na direktang nasisinagan ng araw.**
  - X **Huwag** alugin ang vial.
- Alisin ang vial na syringe mula sa kahon at **siguraduhing malinaw at walang kulay ang gamot sa vial.**
  - **Huwag** gamitin ang vial kung:
    - Namumuti o nag-iba ng kulay ang gamot, o kung may mga lumulutang na bagay o partikula.
    - Lampas na ang petsa ng pag-expire na nakalagay sa label.

**3) Paglalagay ng laman sa syringe**

a) Alisin ang takip ng vial at linisin ang gomang stopper gamit ang 1 pampunas na may alcohol.

b) Ilapag ang vial sa patag na surface. Hawakan ang syringe sa barrel habang nakaturo paitaas ang karayom. Maingat na alisin ang takip ng karayom palayo sa iyong katawan. Itapon ang takip ng karayom sa lalagyan ng itatapong matutulis na bagay.

X • Huwag ibalik ang takip ng karayom.



c) Hilahin pabalik ang plunger at kumuha ng hangin papunta sa syringe na kasingdami (mL) ng dosis ng NIVESTYM na inireseta ng iyong healthcare provider.

d) Iturok ang karayom nang tuwid papasok sa gomang stopper ng vial.

- Huwag ituturok ang karayom sa gomang stopper nang higit sa 1 beses.

e) Itulak ang plunger at iturok ang lahat ng hangin sa vial ng NIVESTYM mula sa syringe.



f) Huwag alisin ang karayom sa vial at itiwarik ang vial. Siguraduhing natatakpan ng NIVESTYM liquid ang dulo ng karayom.



g) Panatilihing nakatiwarik ang vial at dahan-dahang hilahin ang plunger para punuin ang syringe barrel ng NIVESTYM sa tamang marka ng dami (mL) ng gamot na tumutugma sa dosis na inireseta ng iyong healthcare provider.

h) Huwag aalisin ang karayom sa vial at tingnan kung may mga bula ng hangin sa syringe. Kung mayroong anumang bula ng hangin, marahang tapikin ng iyong daliri ang syringe barrel hanggang sa umangat ang mga bula sa itaas. Marahang itulak ang plunger pataas para itulak ang mga bula ng hangin palabas sa syringe.



i) Huwag alisin ang dulo ng karayom sa liquid at muling hilahin ang plunger pabalik sa numero sa syringe barrel na tumutugma sa iyong dosis. Tingnan ulit kung may bula. Kung may mga bula pa rin, ulitin ang mga hakbang sa itaas para alisin ang mga ito.

j) Tingnang muli para masigurong tama ang dosis sa syringe. Huwag aalisin ang karayom mula sa vial. Ihiga ang vial sa gilid nang nakaturok pa rin ang karayom sa vial.

**4) Pagpili at paglilinis ng pagtuturukan**

- Pumili ng pagtuturukan:
  - Harap ng mga hita
  - Sa tiyan, maliban sa 2 pulgada na bahagi sa paligid ng pusod
  - Sa itaas na labas na bahagi braso, kung isang caregiver ang nagtuturok sa iyo
  - Sa itaas na labas na mga bahagi ng pige, kung isang caregiver ang nagtuturok sa iyo
- Pumili ng ibang pagtuturukan sa bawat pagturok ng NIVESTYM.

X • Huwag iturok sa bahaging namamaga, mapula, may pasa, o matigas. Iwasang iturok sa mga bahaging may peklat o stretch mark

- Linisin ang pagtuturukan gamit ang pampahid na may alkohol. Hayaang matuyo.

X • Huwag hihipuing muli ang pagtuturukan bago ang pagturok.

Tingnan ang detalyadong "Mga Tagubilin sa Paggamit" sa pahina 62–68 ng Consumer Information leaflet para sa impormasyon tungkol sa kung paano ihahanda at ituturok ang isang dosis ng NIVESTYM.

# Mga tagubilin sa paggamit

**5) Alisin ang inihandang syringe at needle mula sa vial. Iturok ang iyong dosis ng NIVESTYM**

- Gamit ang isang kamay, marahang pisilin ang isang tupi ng balat sa pagtuturukan. Huwag aalisin ang pagkakapisil.



- Gamit ang isa pang kamay, hawakan ang syringe na parang humahawak ng isang lapis. Mabilis na iturok ang karayom na parang tumitira ng dart sa balat nang 45 hanggang 90 degree na anggulo.




- Sa mabagal at pantay-pantay na pagdiin, itulak ang plunger rod hanggang sa dulo.



- Kapag tapos na, marahang hilahin ang syringe palabas sa pinagturukan at sa parehong 45 hanggang 90 degree na anggulo na ginamit noong iturok ito.

---

**6) Pagtatapos**

- Maaaring may kaunting dugo sa pinagturukan. Puwede mong diinan ang pinagturukan ng isang binilot na bulak o gasa at diinan ito sa loob nang 10 segundo. Huwag kukuskusin ang pinagturukan. Puwede mong takpan ang pinagturukan gamit ang isang maliit na benda, kung kailangan.
- Itapon ang ginamit na karayom, syringe, at vial.
    - **Huwag itapon** ang mga karayom, syringe, at vial sa inyong basurahan sa bahay.
    - **Kung wala ka ng lalagyan ng itatapong matutulis na bagay, puwede kang gumamit ng isang lalagyan sa bahay na** gawa sa matibay na plastic, puwedeng isara nang mahigpit, may hindi basta-basta matutusok na takip at hindi makakalabas ang matatalas na bagay, nakatayo at hindi mabubuway habang ginagamit, leak resistant, at may wastong label na nagbababala na naglalaman ito ng mapanganib na basura.
    - **Mahalaga: Palaging itabi ang lalagyan ng itatapong matutulis na bagay sa lugar na hindi maaabot ng mga bata.**

Tingnan ang detalyadong "Mga Tagubilin sa Paggamit" sa pahina 49–68 ng Consumer Information leaflet para sa impormasyon tungkol sa kung paano itatapon ang karayom, syringe, at vial.



# Paghahanda para sa aking susunod na appointment

Mahalagang magtanong at sabihin sa team na nangangalaga sa kalusugan mo kung mayroon kang mga ikinababahala tungkol sa iyong paggamot. Gamitin ang espasyo sa ibaba upang isulat ang anumang gusto ninyong talakayin sa inyong pangkat sa alinman sa ilang susunod na pagpapatingin ninyo.

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________
6. ______________________________
7. ______________________________
8. ______________________________
9. ______________________________
10. ______________________________

## Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa team na nangangalaga sa aking kalusugan

Pangalan: ______________ Numero ng telepono: ______________

Pangalan: ______________ Numero ng telepono: ______________

Pangalan: ______________ Numero ng telepono: ______________

Pangalan: ______________ Numero ng telepono: ______________

Pangalan: ______________ Numero ng telepono: ______________

# Ang aking tracker ng pagtuturok

Kung ikaw ang magtuturok sa iyong sarili, tingnan sa ibaba ang wastong pagtuturukang bahagi ng iyong katawan, at gamitin ang tracker ng pagtuturok para matulungan kang pag-iba-ibahin ang mga pagtuturukan at mabantayan ang iyong mga dosis.




| Petsa | Pagtuturukan | Dosis | Petsa | Pagtuturukan | Dosis |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |



# Pfizer Liaison

## Programa ng Suporta sa Pasyente

**Ikinokonekta kayo sa mga resource na sumusuporta sa inyong paggamot at umaakma sa pangangalagang ibinibigay ng inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan**

- Pagsiyasat at pagtatasa ng reimbursement
- Koordinasyon ng mga benepisyo sa seguro
- Pinansiyal na tulong*
- Impormasyon tungkol sa paggamot

Para magpatala sa Pfizer Liaison, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono, 1-844-533-0150; fax, 1-844-533-1151; o email, pfizerliaison@rxinfinity.ca.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa mypfizer.ca

* Hindi magagarantiyahan ang pinansyal na tulong.

Pfizer

Ang NIVESTYM® ay isang trademark ng Pfizer Limited.
Ginagamit sa ilalim ng lisensya.
© 2022 Pfizer Canada ULC. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

PP-NIV-CAN-0061-TL

Pr Nivestym™ filgrastim